FL-676-INFO T Sheet ng Impormasyon: Kahilingan para sa Pagtukoy ng Atraso sa Sustento

Kailan ko gagamitin ang form FL-676?

Gamitin ang form na ito kung kasali ang lokal na ahensya ng sustento sa bata sa iyong kaso ng sustento sa bata at ikaw ay:

- Hindi sumasang-ayon sa kung magkano ang back support (atraso) na sinasabi ng ahensya na dapat bayaran; o
- Tumanggi ang ahensya na baguhin ang back support (atraso) para sa oras na nakakulong o nakabukod ka laban sa iyong kalooban nang mas mahaba sa 90 araw at hindi makabayad ng sustento sa bata.

HUWAG gamitin ang form FL-676 upang baguhin ang kautusan

Kung gusto mong baguhin ang kautusan sa sustento, kailangan mong maghain ng *Kahilingan para sa Kautusan* (form FL-300) at *Paghahayag ng Kita at Gastusin* (form FL-150). Tingnan ang form FL-300-INFO para sa karagdagan pang impormasyon.

Paano ako makakakuha ng petsa sa korte?

Hakbang 1: Sagutan ang form (gamit ang itim o asul na tinta)

❶ Ilagay ang iyong pangalan, address, at impormasyon sa pagkontak sa itaas ng form. Susunod, ilagay ang pangalan at address ng korte. Pagkatapos, ilagay ang mga pangalan ng Nagpepetisyon, Tutugon, at Isa pang Panig, at ang numero ng kaso. (Makikita mo ang impormasyong ito sa iyong kautusan ng sustento sa bata.)

❷ Sabihin sa korte kung bakit mo gustong baguhin ang sustento sa bata (atraso).

- *Item 1:* Iwanang blangko. Sasagutan ito ng korte.
- *Item 5a:* Sabihin sa korte kung hiniling mo sa lokal na ahensya ng sustento sa bata na magsagawa ng administratibong review sa mga natanggap na bayad sa sustento.*
- *Item 5b:* Sabihin sa korte kung naglakip ka ng printout ng listahan ng mga pagbabayad na natanggap ng lokal na ahensya ng sustento sa bata.*

  (***Tandaan:*** Maaari mong ihain ang kahilingang ito nang hindi muna humihiling ng administratibong review o maglakip ng printout mula sa lokal na ahensya ng sustento sa bata.)
- *Item 6a:* Maglakip ng sarili mong history ng mga bayad sa sustento, kung saan inisa-isa kung magkano ang utang at magkano ang nabayaran kada buwan. (Maaari mong gamitin ang mga form FL-420 at FL-421 para sa layuning ito.)
- *Item 6b:* Sabihin sa korte kung sa o pagkatapos ng **Setyembre 27, 2022,** na nakulong ka laban sa iyong kalooban nang mas mahaba sa 90 araw na magkakasunod at walang perang available para sa sustento sa bata.
- *Item 6c:* Sabihin sa korte kung mula **Oktubre 8, 2015,** hanggang **Disyembre 31, 2019,** o mula **Enero 1, 2021,** hanggang **Setyembre 26, 2022** ay:
  (1) ginawa o binago ang iyong kautusan ng sustento sa bata,
  (2) nakakulong ka laban sa iyong kalooban nang higit sa 90 araw na magkakasunod sa panahong iyon,
  (3) wala kang kakayahang magbayad ng sustento, AT
  (4) *hindi* ka nakulong dahil sa pagkabigong magbayad ng sustento sa bata o karahasan sa tahanan laban sa isa pang magulang o sa bata.
- *Items 6b & 6c:* Ilista ang mga petsa ng pagsisimula at paglaya mo mula sa iyong pagkakakulong. Kung mayroon kang mga karagdagang petsa ng pagkakakulong, tsekan ang kahon at ilista ang mga petsa sa isang nakalakip na pahina. (Maaari mong gamitin ang Form MC-025 para sa layuning ito.) Maglakip ng patunay para sa bawat tagal. Kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng wastong patunay o mga alalahanin tungkol sa pagpepresenta ng sensitibong impormasyon sa korte, kausapin ang facilitator sa iyong county.
- *Item 6d:* Sabihin sa korte kung nagbibigay ang utos ng iba pang mga dahilan para sa pagpapahinto (pagsususpinde) ng sustento sa bata.
- *Item 6e:* Kung hindi naaangkop ang iba pang mga item, sabihin sa korte kung bakit dapat baguhin ang back support.
- *Item 7:* Sabihin sa korte kung anong papeles (ebidensya) ang nilakip mo sa iyong kahilingan.

❸ Ilagay ang petsa, isulat ang iyong pangalan, at pirmahan ang form para sabihin sa korte na lahat ng nasa papeles mo ay totoo at tama.

Hakbang 2: Gumawa ng mga kopya ng iyong mga papeles sa korte

Gumawa ng tatlong set ng mga kopya ng iyong kahilingan, kabilang ang anumang mga nakalakip, at itago ang pirmadong orihinal.

Hakbang 3: Ihain ang iyong kahilingan sa korte

❶ Kunin ang mga orihinal, kasama ang tatlong set ng mga kopya, at ihain ang mga ito sa clerk ng korte. Hanapin ang iyong korte dito: *www.courts.ca.gov/find-my-court.htm*

❷ Pupunan ng clerk ng korte ang item 1 ng impormasyon tungkol sa petsa ng iyong pagdinig sa korte at ibabalik sa iyo ang tatlong set ng mga kopya na may tatak na "inihain" sa kanang itaas na sulok.

Tip: Tingnan sa website ng iyong lokal na korte upang makita kung makakapaghain ka ng iyong kahilingan sa elektronikong paraan (e-file).

❸ *Hindi* ka sisingilin ng fee upang maihain ang kahilingang ito.

Sheet ng Impormasyon: Kahilingan para sa Pagtukoy ng Atraso sa Sustento

Hakbang 4: "Ipahatid" sa isang tao ang iyong kahilingan

1. Ang paghahatid ay ang akto ng pagbibigay ng iyong mga papeles sa korte sa lokal na ahensya ng sustento sa bata at sa kabilang panig ng kaso. Maaaring gawin ang paghahatid nang personal o sa pamamagitan ng U.S. mail.
2. Ang "tagapaghatid" (sinumang iba tao na may edad 18 o pataas) ang dapat maghatid ng iyong kahilingan. *Hindi* mo maaaring ihatid ang iyong sariling papeles sa korte.
3. Magbigay ng dalawang set ng mga kopya ng iyong kahilingan, kasama ang anumang mga lakip, sa iyong tagapaghatid.
4. May dalawang opsyon sa paghahatid:

Opsyon 1	**Opsyon 2**
Dapat mano-manong dalhin o i-mail ng iyong tagapaghatid ang parehong set ng mga kopya sa lokal na ahensya ng sustento sa bata, na siya namang magpapadala ng isang set sa kabilang panig. Upang magawa ang opsyong ito, dapat dalhin ng iyong tagapaghatid ang mga papeles nang hindi bababa sa **30 araw** bago ang petsa sa korte.	Dapat mano-manong dalhin o i-mail ng iyong tagapaghatid ang isang set ng mga kopya sa lokal na ahensya ng sustento sa bata at isang set sa kabilang panig. Upang magawa ang opsyong ito, dapat dalhin ng iyong tagapaghatid ang mga papeles nang hindi bababa sa **16 araw** bago ang petsa sa korte. (Magdagdag ng **5 pang araw** kung ihahatid sa pamamagitan ng mail.)

5. Pagkatapos, dapat kumpletuhin, pirmahan, at lagyan ng petsa ng iyong tagapaghatid ang form ng *Patunay ng Paghahatid* upang ipaalam sa korte kung saan at kailan ipinadala ang iyong kahilingan.

   Sa personal: Ipasagot sa iyong tagapaghatid ang form FL-330.

   Sa pamamagitan ng mail: Ipasagot sa iyong tagapaghatid ang form FL-335.

6. Tingnan maigi ang form ng *Patunay ng Paghahatid* upang masiguradong wasto ang pagkakakumpleto at pagkakasagot ng iyong tagapaghatid sa form. Ihain ang orihinal na form, kasama ng isang kopya, sa korte nang hindi bababa sa isang linggo bago ang iyong petsa sa korte.

Pumunta sa iyong pagdinig sa korte

1. Dapat kang dumalo sa iyong pagdinig sa korte o kung hindi ay maaaring tanggihan ang iyong kahilingan. Tingnan ang website ng iyong lokal na korte upang makita kung nagsasagawa ang korte ng mga pagdinig sa personal o nang malayuan (sa pamamagitan ng videoconference). Kumpletuhin at ihain ang form RA-010 kung gusto mong dumalo nang malayuan.

2. Para sa impormasyon tungkol sa kung ano ang aasahan sa pagdinig: *https://selfhelp.courts.ca.gov/request-for-order/LCSA/hearing*.

Paano ako makakakuha ng libreng tulong?

Ang bawat county ay may facilitator ng batas pampamilya na maaaring:

- Magpaliwanag ng legal na proseso;
- Bigyan ka ng mga libreng legal na form; at
- Tulungan kang sagutan ang mga papeles ng korte.

Depende sa iyong county, maaari kang tulungan ng facilitator sa personal, online, o sa pamamagitan ng telepono. Mahahanap mo ang facilitator sa iyong county dito: *https://www.courts.ca.gov/selfhelpfacilitators.htm*.

Humingi ng *Kahilingan para sa Akomodasyon ng may Kapansanan*

Kung may kapansanan ka at nangangailangan ng tirahan habang ikaw ay nasa korte, maaari mong gamitin ang form MC-410 upang gawin ang iyong kahilingan. Para sa karagdagan pang impormasyon, tingnan ang form MC-410-INFO.

Paano kung kailangan ko ng interpreter sa korte?

Kung hindi ka masyadong nakakapagsalita o nakakaintindi ng Ingles, maaaring kailanganin mo ng interpreter sa korte para tulungan ka sa korte. Maaari mong gamitin ang form INT-300 upang humiling ng interpreter para sa iyong pagdinig sa korte. Tanungin ang clerk ng korte o facilitator ng batas pampamilya sa iyong county para sa karagdagan pang impormasyon.

Nahatiran ako ng *Kahilingan para sa Pagtukoy ng mga Atraso sa Sustento*. Ano na ngayon?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga kahilingang ginawa ng kabilang panig sa form na FL-676, kailangan mong:

- Maghain at maghatid ng iyong sariling papeles sa korte, nang hindi bababa sa **9 na araw ng korte** bago ang petsa ng korte; at
- Dumalo sa pagdinig ng korte.

Upang tumugon sa kahilingan, maghain at maghatid ng:

- *Tugon sa Panggobyernong Abiso ng Mosyon o Kautusan na Magpakita ng Sanhi* (form FL-685); at
- Iyong sariling history ng pagbabayad. (Maaari mong gamitin ang mga form FL-420 at FL-421 para sa layuning ito.)

Tingnan ang Hakbang 4 para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa paghahatid ng mga papeles sa korte at gamitin ang Opsyon 2.

I-print ang pormang ito | I-save ang pormang ito